# LEARNING ACTIVITY SHEET
## Baitang 10 – FILIPINO

Pangalan:________________________ Petsa:__________ Marka:_____________

# LAS # 4
# SANAYSAY: MADALI LANG 'YAN!

**PANUTO:** Basahin at unawain ang bawat katanungan at bilugan ang letra ng tamang sagot.

**Para sa bilang 1-3**

| |
|---|
| Matagal na panahon na rin simula nang ako ay ipaglaban ni dating Pangulong Manuel L. Quezon. Ang pakikipaglaban niyang ito ay daan upang ako ay umusbong, gamitin, at tangkilikin. Ako ang simbolo ng pagkakakilanlan ng ating bansa, ang Pilipinas. Sa totoo lang, ako ay ginagamit sa maraming sitwasyon at pagkakataon. Ah, tunay ngang malayo na ang aking narating bilang isang instrumento ng komunikasyon<br>***-Ako ay ikaw ni Roemar T. Salum*** |

1. Batay sa nabasang sanaysay na nasa loob ng kahon, ang simbolo ng pagkakakilanlan ng ating bansa na tinutukoy ay ___________________

   A. mamamayan  C. watawat
   B. soberanya  D. wika

2. Anong impormasyon ang inilahad sa sanaysay na nagpapatunay na tayo ay malaya sa wika?
   A. Ako ang simbolo ng pagkakakilanlan ng ating bansa.
   B. Ang pakikipaglaban niyang ito ay daan upang ako ay umusbong, gamitin, at tangkilikin.
   C. Ah, tunay ngang malayo na ang aking narating bilang isang instrumento ng komunikasyon.
   D. Sa katunayan, ang wika ng kabataan ngayon ay tinatawag na Taglish, mga *jejemon* wika nga.

3. Isang sangay ng panitikan na nasusulat sa anyong tuluyan na maaaring tumalakay sa anumang isyu sa kapaligiran. Isa itong matalinong pagkukuro ng sumulat tungkol sa isang paksa.

   A. editoryal  C. talambuhay
   B. sanaysay  D. talumpati

**Ikatlong Markahan Linggo:** 5
**Target na Kasanayan:**
Naipaliliwanag ang mga likhang sanaysay batay sa napakinggan.
Naihahambing ang pagkakaiba at pagkakatulad ng sanaysay sa ibang akda.
Nagagamit ang angkop na mga tuwiran at di-tuwirang pahayag sa paghahatid ng mensahe
**Tala ng Guro:**

**(Pag-aari ng Gobyerno. Hindi Ipinagbibili)**

**Para sa bilang 4-6 (Ipabasa sa magulang o nakatatanda ang talumpati)**

Ang espiritwal at pisikal na kaisahan na ating ibinabahagi sa lupaing ito ay nagpapaliwanag sa lalim ng sakit na dala-dala ng ating mga puso sa tuwing makikita natin ang ating bansa na nalulugmok sa di- pagkakasundo, at sa tuwing makikita natin ang pagtanggi. Ang paglaban sa batas at paghihiwalay ng mga tao sa mundo. Ito ay dahil sa naging pambansang batayan ang nakamamatay na idelohiya at pagkakaroon ng rasismo.

***Salin mula sa talumpati ni Nelson Mandela***

4. Batay sa napakinggang talumpati, ang rasismo na binanggit ay nangangahulugan na ________________

   A. pagtanggi at paglaban sa batas
   B. pakikipag-unahan ng bawat bansa sa pag-unlad.
   C. malalim ang sakit na dala-dala ng ating mga puso
   D. hindi pagkakapantay-pantay na pagtingin sa magkaibang lahi.

5. Ito ang epekto ng pagkakaroon ng nakamamatay na idelohiya at rasismo
   A. pagtanggi sa rasismo
   B. pagkalugmok sa sarili
   C. espiritwal at pisikal na kaisahan
   D. paghihiwalay ng mga tao sa mundo.

6. Ang isa sa maaring maging dahilan ng pagkalugmok ng isang bansa ay ang________________
   A. pagpapahirap sa mamamayan
   B. pagkakaroon ng malupit na pinuno
   C. pagpapairal ng kontrakwalisasyon sa mga manggagawa.
   D. di- pantay na pagtingin sa mga mamamayang iba-iba ang estado sa buhay.

7. Ah, tunay ngang malayo na ang aking narating bilang isang instrumento ng komunikasyon. Ang pahayag ay nagpapahiwatig ng __________
   A. paghihinuha
   B. paglalarawan
   C. panghihikayat
   D. pangangatwiran

8. Alin sa mga sumusunod ang ***HINDI*** kabilang sa elemento ng sanaysay?
   A. anyo
   B. kariktan
   C. larawan ng buhay
   D. tema

9. Nakapaloob sa bahaging ito ang kabuuan ng sanaysay,ang pangkalahatang palagay o pasya tungkol sa paksa batay sa mga katibayan at katuwirang inisa-isa sa katawan ng akda.



**(Pag-aari ng Gobyerno. Hindi Ipinagbibili)**

A. gitna o katawan
B. panimula
C. tauhan
D. wakas

10. Nagpapahiwatig ng kulay o kalikasan ng damdamin. Maaaring masaya, malungkot,mapanudyo, atbp.
A. kaisipan
B. larawang buhay
C. himig
D. tema

**Para sa bilang 11-14**

| |
|---|
| Ang sanaysay ay ginagamit upang makapagbigay ng mahahalagang kaisipan tungkol sa paksang nais nitong talakayin. Ang sanaysay ay isang uri ng panitikan na nasusulat sa anyong tuluyan na karaniwang pumapaksa tungkol sa mga kaisipan at pananaw ng sumulat na sadyang kinapupulutan ng aral at aliw ng mga mambabasa. May komposisyon itong taglay ang tatak ng panlasa at hilig, reaksyon at palagay, saloobin at paniniwala, kalagayan at katauhan, karanasan at kaalaman ng bawat mambabasa. Ang dalawang uri ng sanaysay ay pormal at di-pormal o personal. |

11. Anong impormasyon ang inilahad sa teksto na may kinalaman sa pagkakaiba ng sanaysay sa iba pang akdang pampanitikan?
A. Ang sanaysay ay isang salaysay.
B. May komposisyon itong taglay ang tatak ng panlasa at kaalaman ng sumulat.
C. Ang sanaysay ay ginagamit upang makapagbigay ng mahahalagang kaisipan tungkol sa paksang nais nitong talakayin.
D. Ang sanaysay ay isang uri ng panitikan na nasusulat sa anyong patula na karaniwang pumapaksa tungkol sa mga kaisipan at pananaw ng sumulat.

12. Ang sanaysay at mga akdang pampanitikan ay magkakatulad sa mga sumusunod maliban sa:
A. May mga aral sa buhay
B. Salamin ng lahing pinagmulan
C. Nagbibigay-aliw at impormasyon sa mga mambabasa
D. Tumatalakay sa pagkakalikha ng mundo at pagbabago ng panahon

13. Ito ay isang lohikal o kaya'y kronolohikal at pangkalahatang paglalarawan ng paksang isusulat o komposisyon.
A. banghay
B. balangkas
C. kaisipan
D. kariktan

14. Kung may tinatawag na tulang pambigkasan, may sanaysay rin na binibigkas. Ito ay kabuuan ng mga kaisipang nais ipahayag sa harap ng publiko.



**(Pag-aari ng Gobyerno. Hindi Ipinagbibili)**

A. editoryal
B. lathalain
C. talumpati
D. tula

**Para sa bilang 15-20**

15. Hindi dapat makialam ang Amerika sa isyu ng South China Sea. Ito ay sa pagitan lamang ng China at ng Pilipinas.
    A. tuwiran
    B. naglalarawan
    C. paghihinuha
    D. di-tuwiran

16. Ang mga sumusunod ay halimbawa ng tuwirang pahayag, **maliban** sa
    A. Sa totoo lang may naimbento ng bakuna para sa *Covid-19 virus.*
    B. Ang pagtaas ng bilihin ay maaaring maging dahilan ng paghihirap ng maraming tao.
    C. Ayon kay Mayor Toby Tiangco, bumaba na ang bilang ng mga nagpositibo sa Lungsod ng Navotas.
    D. Marami na ang gumaling sa *Covid-19 virus,* sa katunayan makikita ito sa bagong datos ng Kagawaran ng Kalusugan.

17. "Inaalay namin ang araw na ito sa lahat ng mga bayani ng bansang ito at sa iba pang bahagi ng mundo na nagsakripisyo at isinuko ang kanilang buhay upang tayo ay lumaya." Anong uri ito ng pahayag?
    A. di-tuwiran
    B. naglalarawan
    C. nanghihikayat
    D. tuwiran

18. Ayon sa talumpati ni G. Nelson Mandela na binigkas niya noong Mayo 10, 1994 na kailangang kumilos ng sama-sama bilang nagkakaisang mamamayan. Anong uri ito ng pahayag?
    A. tuwiran
    B. naglalarawan
    C. nanghihikayat
    D. di-tuwiran

19. Mananatili sa *General Community Quarantine* o GCQ ang Metro Manila simula Pebrero 1, 2021.
    A. tuwiran
    B. naglalarawan
    C. paghihinuha
    D. di-tuwiran

20. Mayaman ang bansa sa likas na yaman. _________ nito ang magagandang tanawin na dinarayo ng mga turista. Anong angkop na pang-ugnay ang dapat gamitin upang maging tuwiran ang pahayag?
    A. ebidensya
    B. isang katotohanan
    C. patunay
    D. sa totoo



**(Pag-aari ng Gobyerno. Hindi Ipinagbibili)**